



Roadmap ng Mga Apela

Ang pagpapasiya ng California Emergency Rental Assistance Program (ERAP) ay ang desisyon ng programa sa aplikasyon na isinumite ng nangungupahan at/o ng may-ari/maylupa. Kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang bahagi ng desisyon, may karapatan kang magsumite ng apela.

Mayroon kang 30 araw sa kalendaryo mula nang matanggap mo ang iyong abiso sa award na ERAP o abiso sa pagtanggì upang magsumite ng isang beses na apela gamit ang Sistema ng Apela sa Tulong sa Renta ng CA COVID-19.

Kung mayroon kang mga tanong makipag-ugnayan sa call center namin: 833-430-2122. Kung kailangan mong humiling ng tulong sa pagsusumite ng apela o kailangan ng tulong sa wika, pakitawagan ang 833-687-0967.

Bisitahin ang www.HousingIsKey.com para sa dagdag na impormasyon.

1

Tingnan ang Iyong Email

Mag-log in sa email na ginamit mo para isumite ang iyong aplikasyon para sa tulong sa upa. Padadalhan ka ng abiso kasama ang iyong ERAP Award o abiso sa pagtanggì na may kasamang link sa website upang simulan ang proseso ng pagsusumite ng apela.

2

I-access ang Link ng Sistema ng Apela sa Tulong sa Renta ng CA COVID-19

Tingnan ang iyong liham ng pagpapasiya ng ERAP na ipinadala sa iyong email. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon (halimbawa, ang halagang natanggap mo o kung tinanggihan ang iyong aplikasyon) pwede mong simulan ang proseso ng pagsusumite ng apela, paki-click ang link na ibinigay sa email na "Link ng Sistema ng Apela sa Tulong sa Renta ng CA COVID-19".

3

Irehistro ang Iyong Impormasyon sa Sistema ng Apela

- Ilagay ang email na ginamit mo sa pag-log in sa iyong aplikasyon sa tulong sa renta.
- Ilagay ang CASE ID ng iyong aplikasyon.
- Piliin ang iyong kagustuhan sa wika at i-click ang "mag-log in".

4

Makatanggap ng Pag-verify sa Email

Makakatanggap ka ng abiso para i-verify ang iyong email. Tingnan ang inbox ng iyong emai.

5

Makatanggap ng Welcome Email para Kumpletuhin ang Iyong Kahilingan sa Mga Apela

Makakatanggap ka ng link para ma-access ang form ng apela. I-click ang link na "I-click dito para ma-access ang form ng apela." Pakihanda ang lahat ng iyong papeles at impormasyon.

6

Punan ang Form ng Apela

- Pumili ng dahilan kung bakit mo gustong magsagawa ng -apela at sumulat ng tugon upang sabihin ang mga dahilan kung bakit ka umaapela sa seksyon ng kahon.
- I-click ang "I-click dito upang mag-upload ng file" at pagkatapos ay i-click ang "I-upload ang napiling file".
- Mag-upload ng hanggang limang (5) dokumento para suportahan ang iyong apela. Inirerekomenda namin ang pagsusumite ng mga bagong dokumento na hindi kasama sa iyong orihinal na aplikasyon na makakatulong sa pagsuporta sa iyong apela.

7

Ibigay ang Iyong Lagda ng Aplikante

- I-click ang kahon sa tabi ng tanong: "Ikaw ba ang aplikante ng apela?"
- Pakilagay ang iyong buong pangalan sa kahon at lagdaan ang iyong buong pangalan sa itaas ng linya. Kung kailangan mong burahin ang iyong pirma para muling lumagda, pwede mong i-click ang button na "burahin ang lagda".
- I-verify na tama ang lahat ng iyong impormasyon. I-click ang isumite.

8

Makatanggap ng Email ng Kumpirmasyon sa Pagsusumite ng Apela

Makakatanggap ka ng kumpirmasyon sa email kasama ang impormasyong isinumite mo sa iyong kahilingan sa apela. Ang layunin ko ay kumpletuhin ang mga pagpapasiya ng apela sa loob ng 30 araw, gayunpaman, ang bawat apela ay natatangi at maaaring magtagal.